



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-101

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG DAGLIANG PAGLILIPAT SA BAGONG ACCOUNT NA MAY ACCOUNT NAME "PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA" NG MGA SALAPI O BALANSE NA NASA LUMANG ACCOUNT NA MAY ACCOUNT NAME "MUNICIPAL GOVERNMENT OF MUNTINLUPA" NA DATING NASA ILALIM NG HURISDIKSIYON NG LUNGSOD NG PASAY NA KASALUKUYANG NAKALAGAK SA PHILIPPINE NATIONAL BANK (PNB) - MUNTINLUPA BRANCH, ITO AY ANG MGA SUMUSUNOD: (A) CURRENT ACCOUNT DEPOSITS NA NAGKAKAHALAGA NG P20,308,992.69 AT (B) SAVINGS ACCOUNT DEPOSITS NA NAGKAKAHALAGA NG P10,510,085.40.

Ipinanukala ni: Kgg. Rufino B. Joaquin

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lokal ay may tungkulin sa pamamagitan ng ingat-yaman nito na magmintina ng lahat ng kita ng lokal na pamahalaan sa bangko o pinansiyal na institusyong malapit dito alinsunod sa itinakda ng Seksiyon 307 at 311 ng R.A. 7160 o ang Local Government Code of 1991;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nagsimula lamang magmintina ng salapi o account sa ilalim ng bagong account name nito ay noon lamang Oktubre 22, 1992;

SAPAGKAT, dahil sa pag-iral ng Local Government Code ay nararapat lamang na ang bahagi at salapi ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay mailipat sa pangalan at pangangalaga nito sa ikabubuti ng serbisyo publiko;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ang mga sumusunod:

SEKSIYON 1. Ang paghiling sa District Treasurer/Ingat-Yaman ng Lungsod ng Pasay ng dagliang paglilipat sa bagong account na may account name "Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa" ng mga salapi o balanse na nasa lumang account na may account name "Municipal Government of Muntinlupa" na dating nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Lungsod ng Pasay na kasalukuyang nakalagak sa Philippine National Bank - Muntinlupa Branch, ito ay ang mga sumusunod: (a) Current Account Deposits na nagkakahalaga ng P20,308,992.69 at (b) Savings Account Deposits na nagkakahalaga ng P10,510,085.40.

Roman E. Dufes
Special

[Handwritten signature]
[Handwritten signature]



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 93-101

SEKSIYON 2. Ang pag-aatas sa Tanggapan ng Tagatuos na gawing prayoridad ang pagsasaliksik at pagtutugma ng lahat ng tala o records sa salaping ito.

SEKSIYON 3. Ang pagtangkilik sa pagpapatunay at talaan ng Philippine National Bank - Muntinlupa Branch sa kabuuang halaga at balanse ng salaping nakalagak dito na nasa lumang account pa na ililipat sa bagong account ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-57th regular na pulong na ginanap ngayong ika-28 ng Setyembre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. PRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUELINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal



REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan


Pahina - 3 -
Kapasiyahan Bilang 93-101


KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal


KGG. REY E. BULAY
Konsehal


KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal


KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal


(Absent)
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal


KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:


PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim


PINAGTIBAY:


MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

